# Patakaran laban sa Rasismo

## Impormasyon para sa mga magulang at tagaalaga

Nakakaapekto ang rasismo sa kapakanan ng estudyante, mga kahinatnan sa pakikisali sa paaralan at sa pagkakatuto. Ang rasismo at pag-uugaling rasista ay hindi pinapayagang mangyari sa mga pampublikong paaralan ng NSW.

### Ano ang tungkol sa patakaran?

Ange Anti-Racism Policy (Patakaran laban sa Rasismo) ay nagsusulong sa pagkakaroon ng paggalang at pagkakaisa sa kapaligiran ng paaralant. Layunin nito na matiyak na ang mga pagkakataong pang-edukasyonal ay patas sa lahat ng mga estudyante anuman ang kanilang pinagmulan sa kultura, wika at relihiyon. Ang patakaran:

- ay kumikilala sa epekto ng rasismo sa mga taong Aborihinal at taga-Torres Strait Island
- ay nagtitiyak na ang paaralan ay may mataas na mga pagasa sa lahat ng mga estudyante at walang anumang grupo ng mga estudyante ay pagbabawalang makamit ang kanilang lubos na kakayahan dahil sa pinagmulang kultura, relihiyon at wika
- ay nangangailangan na ang lahat ng mga miyembro ng komunidad sa paaralan ay pag-iisipan ang kanilang paguugali at titiyakin na ang kanilang mga pagkilos ay hindi hahantong sa pagkakaranas ng ibang tao ng rasismo
- ay nangangailangan na ang lahat ng mga kawani ay kumpletuhin ang kanilang pagsasanay upang maintindihan nila ang kanilang mga tungkulin sa paghahadlang na maganap ang rasismo
- ay nangangailangan na ang bawat paaralan ay may isang sinanay na Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo.

### Ano ang Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo?

Ang Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo (Anti-Racism Contact Officer (ARCO)) ay isang guro na hinirang ng prinsipal na tumulong sa pagpapasulong sa edukasyon tungkol sa paglaban sa rasismo sa paaralan. Ang ARCO ay makakatulong sa prinsipal sa pamamagitan ng:

- pagsuporta sa pagkakaroon ng mga kawani ng kaalaman tungkol sa epekto ng rasismo sa pag-aaral at kapakanan ng mga estudyante
- pagpapayo sa mga estudyante at kawani kung paano magresponde kung may nakita o narinig silang mga insidente ng rasismo
- pagpapayo kung ano ang mga istratehiya ang maaaring gamitin ng paaralan upang malabanan ang rasismo.

Ang ARCO ay sinanay upang magbigay ng payo sa mga magulang at taga-alaga, at mga guro at estudyante tungkol sa pamamaraan sa ng pagreresolba sa reports (mga reklamo) tungkol sa rasismo. Kung hinihingi, ang ARCO ay maaaring kumilos bilang isang support person or advocate (pansuportang tao o tagapagsalita) habang pinoproseso.

## Ano ang aking gagawin kung nakakaranas ang aking anak ng rasismo sa paaralan?

Kung ang iyong anak ay nakakaranas ng rasismo sa paaralan, hikayatin sila na magulat sa isang guro o sa Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo ng paaralan, o maaaring ikaw ang magulat para sa iyong anak.

## Paano ako gagawa ng report tungkol sa rasismo sa paaralan?

Sinumang miyembro ng komunidad sa paaralan, kabilang ang mga magulang at taga-alaga, kawani at estudyante, ay maaaring gumawa ng report (magreklamo) tungkol sa rasismo. Ang reports tungkol sa rasismo ay maaaring iulat sa mga prinsipal, mga Malalapitang Opisyal Laban sa Rasismo o sinumang kawani. Ang reports ay maaaring gagawin ng personal, sa pamamagitan ng email o telepono, at ganoon din sa online gamit ang feedback and complaint form (porma ng pagpuna at pagreklamo) ng kagawaran.

## Ano naman ang tungkol sa rasismo sa online?

Ang may kaugnayan sa paaralan na rasismo na nangyari sa online, katulad ng pagtutuon ng mga estudyante ng pagka-rasismo sa mga indibidwal na estudyante o mga grupong kultural, ay dapat iulat sa paaralan katulad sa itaas. Para sa payo tungkol sa kung paano maging ligtas sa online, tingnan ang Online safety (Kaligtasan sa online) sa eSafety Commissioner website (eSafety website ng Komisyonado).

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Anti-racism education (Edukasyon laban sa rasismo).

## Tulong ng taga-interprete

Kung kailangan mo ng taga-interprete para makipag-usap sa paaralan o makipag-appointment sa isang kawani, mangyaring tawagan ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng taga-interprete sa iyong wika.

Sabihin sa opereytor ang telepono ng paaralan at ang opereytor ang tatawag sa paaralan at kukuha ng taga-interprete sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-uusap.

Kung kailangan mo ng taga-interprete sa mga miting sa mga kawani ng paaralan, hilingin sa paaralan na magsa-ayos nito. Ang paaralan ang mag-ayos sa lugar, sa online o sa telepono, depende kung mayroon. Hindi ka pagbabayarin sa mga serbisyo sa pag-iinterprete.